

Antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Pedotera, Aldrin M.

Leyte Normal University, Philippines (rcps0315@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 July 2026

Available Online: 14 August 2026

Revised: 12 August 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26386

Accepted: 13 August 2026

Abstract

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework at ihambing ito sa kanilang kasalukuyang antas ng pagbasa batay sa Phil-IRI. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong-komparatibong disenyo at *discrepancy analysis*. Walumpung (80) mag-aaral mula sa dalawang pampublikong paaralan ang naging respondente. Ginamit ang umiiral na resulta ng Phil-IRI ng mga kalahok at isang PISA-based Reading Assessment Tool na sumusukat sa tatlong kognitibong proseso: paghahanap ng impormasyon, pag-unawa, at pagsusuri at pagninilay. Ang instrumento ay sumailalim sa content at face validation at nakapagtala ng Cronbach's Alpha na .894 matapos ang pilot testing. Batay sa resulta, 18 mag-aaral ang nakategoryang Independent, 42 Instructional, at 20 Frustration sa Phil-IRI, samantalang 10, 43, at 27 mag-aaral naman ang napabilang sa parehong kategorya batay sa PISA-based assessment. Labinlima (15) o 18.75% ng mga mag-aaral ang nakaranas ng pagbaba ng kategorya sa mas komplikadong pagtataya. Gayunpaman, natukoy ang malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang panukat ($r = .788, p < .001$). Ipinakikita nito na bagama't magkaugnay ang pagganap sa dalawang pagtataya, hindi ganap na nasasalamatin ng isang panukat ang lahat ng dimensiyon ng reading literacy. Samakatuwid, iminumungkahi ang paggamit ng Phil-IRI kasama ng iba pang angkop na pagtataya, kabilang ang mga panukat na nakaangkla sa PISA Reading Literacy Framework, upang magkaroon ng mas komprehensibong pagtataya at mas angkop na batayan sa pagpapaunlad ng kakayahang pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10

Keywords: Phil-IRI, PISA Reading Literacy Framework, reading literacy, reading comprehension, reading assessment tool

Antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework

1. Introduksiyon

Ang pagbasa ay hindi lamang isang saligang kasanayan kundi isang mekanismo para sa pag-unlad ng pag-iisip, pagpapasya, at aktibong partisipasyon sa lipunan. Sa konteksto ng edukasyong Pilipino, ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay may umiiral na sistema sa pagtataya ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) — isang panukat na binubuo ng mga de-gradong pasaheng ginagamit upang alamin ang antas ng oral reading, silent reading, at listening comprehension ng mag-aaral, kung saan sila inuuri bilang Independent, Instructional, o Frustration reader (DepEd, 2018). Ipinag-utos ang paggamit nito sa ilalim ng DepEd Order No. 14, s. 2018 para sa mga mag-aaral sa elementarya, ngunit sa praktika, patuloy itong ginagamit hanggang sa junior high school, kabilang na ang Baitang 10 sa maraming paaralan (Omaque & Tudlasan, 2025), sa kabila ng orihinal nitong disenyo para sa mas mababang antas ng edukasyon.

Kasabay nito, ang bansa ay kasalukuyang lumalahok sa Programme for International Student Assessment (PISA), isang internasyonal na pagtataya na sumusukat sa kakayahan ng mga 15-taong-gulang na mag-aaral hindi lamang sa literal na pag-unawa, kundi sa mas mataas na antas ng pag-iisip: paghahanap ng impormasyon, pag-unawa, at pagsusuri at pagninilay (evaluate and reflect) gamit ang iba't ibang uri ng teksto tulad ng tuloy-tuloy, hindi tuloy-tuloy, at magkahalong teksto (OECD, 2023). Sa PISA 2022, ang Pilipinas ay nakakuha ng average iskor na 347 sa reading isang bahagyang pagtaas mula sa 340 noong 2018. Ngunit ang iskor na ito ay malayo pa rin ito sa pandaigdigang average na 476 (OECD, 2023). Higit pa rito, tinatayang 19% lamang ng mga mag-aaral na Pilipino ang nakaabot sa Level 2, ang pinakamababang na antas ng functional proficiency ayon sa PISA (Funa et al., 2025).

Sa madaling salita, habang inuuri ng Phil-IRI ang karamihan ng mga mag-aaral bilang “Independent”, “Instructional” o “Frustration” na mambabasa, ang parehong grupo ng mag-aaral, kung susukatin gamit ang pamantayang internasyonal, ay maaaring hindi pa nakaabot sa pinakamababang antas ng functional reading literacy. Sa katunayan sa sistematikong pagsusuri nina Descartin et al. (2023), kanilang binigyang diin na bagaman layunin ng kurikulum na hasain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, kakayahang pangkomunikasyon, at ilan pang component na may kaugnayan sa pagbabasa, ay hindi ito nakakamit ng mga mag-aaral. Ayon sa kanila, nangangahulugan ito na kinakailangan ng pagsusuri sa mga nilalaman ng kurikulum partikular sa mga bahaging may kinalaman sa pagbasa. Ito ang puwang na nais suriin ng pag-aaral na ito: hindi dahil hindi angkop o wasto ang Phil-IRI, kundi dahil ang kasangkapang na ginagamit upang sukatin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sadyang dinisenyo para sa mas batang mambabasa mula Baitang 1 hanggang 6, samantalang ang PISA Reading Literacy Framework ay partikular na idinisenyo para sukatin ang mas kumplikadong pangangailangan sa literasiya ng mga mag-aaral na malapit nang magtapos sa sekundarya. Dahil sa mga limitasyon ng Phil-IRI, ito marahil ang dahilan kung bakit nakasaad sa Phil-IRI Manual 2018 na ito ay nakapagbibigay ng datos tungkol sa kakayahan ng mga mag-aaral at maaaring gamitin kasabay ng iba pang maaasahang kasangkapan sa pagtataya (DepEd, 2018).

Ang pananaliksik na ito ay may layuning suriin ang antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework, at ihambing ang resultang ito sa kanilang umiiral na interpretasyon o kategorisasyon sa Phil-IRI, upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panukat. Sa pamamagitan nito, umaasang makapagbigay ng ebidensiya na maaaring gamitin bilang batayan sa pagsusuri kung sapat pa rin ang Phil-IRI bilang tanging panukat ng kasanayan sa pagbasa sa antas na ito, o kung kinakailangan ng karagdagan o pag-upgrade ng panukat na mas angkop sa hinihingi ng ika-21 siglong literacy.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework, at ihambing ito sa kanilang umiiral na antas ng kasanayan sa pagbasa batay sa Phil-IRI, upang matukoy ang lawak ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panukat na ito. Tinitiyak din na masasagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na tanong: 1. Ano ang antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa Phil-IRI at PISA Reading Literacy Framework? 2. Ano ang makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa PISA-based na panukat kumpara sa Phil-IRI? At, 3. Ano ang implikasyon at mungkahiing maibibigay batay sa naging resulta ng pag-aaral?

Teoretikal na Balangkas - Ang pananaliksik na ito na naglayong masuri at mailahad ang antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 10 gamit ang panukat na nakabatay sa PISA Reading Literacy Framework ay gagamitin ang mga teoryang Simple View of Reading nina Gough at Tunmer (1986) at Construction-Integration Model ni Kintsch (1988). Ipinaliliwanag ng Simple View of Reading na ang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ay bunga ng dalawang pangunahing sangkap: ang *decoding* at ang *language/linguistic comprehension*. Kung kulang sa alinman sa dalawa, mahihirapan ang mambabasa sa pag-unawa, kahit pa mahusay siya sa isa. Angkop ang teoryang ito sa pag-aaral dahil ipinapaliwanag nito kung bakit maaaring hindi sapat ang Phil-IRI bilang tanging batayan ng pagsukat sa kahandaan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10: posibleng magkaroon ng mataas na katumpakan sa decoding ang isang mag-aaral, ngunit kulang pa rin sa mas malalim na kasanayan sa pag-unawa na hinihingi ng higher-order, multi-text na gawain sa PISA-based na instrumento.

Samantala, Ang Construction-Integration Model ay isang teorya tungkol sa proseso na nagsasaad na dumadaan ang mambabasa sa dalawang yugto: (1) ang *construction*, kung saan bumubuo ang mambabasa ng mental na representasyon mula sa impormasyong tuwirang nakasaad sa teksto kasabay ng kanilang umiiral na kaalaman; at (2) ang *integration*, kung saan pinagsasama-sama ang mga ideyang ito upang makabuo ng mas malalim at magkakaugnay na *situation model* o ang kabuuang kahulugan ng teksto sa konteksto ng totoong mundo, hindi lamang ang literal na nilalaman nito. Angkop ang teoryang ito sa paksa ng pananaliksik sapagkat gamit ang teoryang ito ay masusuri natin ang pagkakaiba ng mga tekstong nasa Phil-Iri sa mga tekstong ginagamit sa PISA Reading Literacy Framework-based na pagtatasa. Maaaring maipakita nito na ang isang mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa mga panukat tulad ng Phil-IRI ngunit may kakulangan sa mga mas mataas na antas ng pagbasang makikita sa PISA Reading Literacy Framework-based na panukat.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Deskriptibong-Komparatibong Disenyo gamit ang *Discrepancy Analysis*. Deskriptibo ito sa bahaging inilalarawan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondente base sa bawat panukat, at komparatibo naman sa bahaging tinutukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang klasipikasyon para sa parehong grupo ng mag-aaral.

Respondente ng Pag-aaral - Ang mga respondente ay binubuo ng mga mag-aaral mula dalawang magkaibang klase sa Baitang 10 mula sa dalawang piling pampublikong paaralan. Gumamit ng convenience sampling sa pagpili ng paaralan batay sa lapit nito at bilang ng mga klaseng maaaring pagpilian upang mas mapadali ang pangangalap ng datos.

Instrumento ng Pananaliksik - Upang malaman ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga respondente ay inalam ng mananaliksik ang markang nakuha ng bawat mag-aaral sa isinagawang Phil-IRI sa nagdaang opening block sa pagsisimula ng bagong taong panuruan. Ginamit ang PISA-based na *reading literacy assessment* na binuo ng mananaliksik na sumukat sa tatlong kognitibong proseso ng PISA Reading Literacy Framework: paghahanap ng impormasyon, pag-unawa, at pagsusuri/pagninilay, gamit ang tuloy-tuloy at hindi tuloy-tuloy na teksto.

Ang PISA-based reading assessment tool na ginamit bilang instrumento ay sumailalim sa malalim na pagsusuri ng tatlong eksperto sa pananaliksik upang matiyak ang katumpakan at kaangkupan nito sa pamamagitan ng content at face validity. Sinuri naman ang internal consistency ng ginamit na instrumento at ito ay nakapagtala

ng Cronbach's Alpha na .894 na nangangahulugang may mataas na internal consistency ang talatanungang ginamit matapos ang pilot testing sa 40 na mag-aaral.

Sa pagbibigay ng paglalarawan o kategorya sa mga nakuhang marka ng mga mag-aaral sa PISA reading assessment tool ay ginamit din na batayan sa pagmamarka ang *Reading Comprehension Scoring* mula sa Phil-Iri sa halip na gumamit ng OECD scale na sadyang nakadiseno para sa PISA. Inangkop ng mananaliksik ang *comprehension-percentage criteria* ng Phil-IRI bilang batayan ng pag-uuri para sa parehong instrumento. Makikita sa Talahanayan 1 sa ibaba ang ginamit na batayan mula sa Phil-IRI Manual 2018.

Talahanayan 1

Reading Comprehension Scoring ng Phil-IRI at PISA-based Reading Assessment Tool

Antas	Comprehension %	Bilang ng Tamang Sagot
Independent	80–100%	24–30
Instructional	59–79%	18–23
Frustration	58% pababa	0–17

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos - Upang matiyak ang maayos na pangangalap ng datos ay plinano at isinagawa ito batay sa pagkakasunod-sunod: 1. Paghingi ng pahintulot mula sa Schools Division Superintendent at mga Punongguro ng dalawang paaralan para sa (a) pangangasiwa ng PISA-based na instrumento at (b) access sa existing Phil-IRI records ng mga piniling seksyon. 2. Pagsagot ng liham pahintulot ng mga guro at mga magulang ng mga mag-aaral. 3. Pangangasiwa ng PISA-based na instrumento sa mga piniling seksyon, sa loob ng isang class period, sa ilalim ng pamamahala ng mananaliksik o mga awtorisadong guro. 4. Paghingi ng resulta ng nagdaang Phil-IRI mga mag-aaral mula sa talaan ng paaralan, at, 5. Paglalapat ng estadistikal na tritment upang masagot ang mga layunin ng pag-aaral.

Tritment ng mga Datos - Ang mga datos na nakalap para sa mga marka ng mga mag-aaral ay isinaayos batay sa antas upang mas madaling masuri. Ginamit bilang pangunahing estadistikal na tritment ang Pearson's Correlation dahil ito ay angkop para sa pares ng set ng datos na. Sinuri kung may ugnayan ba sa pagitan ng markang nakuha ng mga kalahok sa kanilang Phil-IRI at sa isinagawang *PISA-based reading assessment tool*. Ayon sa paalala ng Penn State (n.d), ang Pearson's R ay maaaring gamitin upang sukatin ang ugnayan ng dalawang kwantitatibong baryabol ng hindi nagpapakita ng *causation*.

Etikal na Konsiderasyon - Informed Consent/Assent. Kinuha ang nakasulat na pahintulot ng mga magulang/tagapag-alaga at assent ng mga mag-aaral, na malinaw na ipinaliwanag ang layunin, pamamaraan, at boluntaryong katangian ng pakikilahok. **Permiso mula sa punong-guro.** Humingi ng pahintulot mula sa punong-guro ng mga napiling paaralan upang mapatunayan na ang isinagawang pananaliksik ay sinang-ayunan at binigyan ng permiso. **Permiso mula sa guro.** Bilang sumusubaybay sa mga klaseng napili, ang pahintulot ng guro ay tiniyak na makuha rin bago magsimula ang pangangalap ng datos. Ito ay upang maipabatid ang layunin ng pag-aaral, ang kabuuang proseso ng pag-aaral, at ang makukuha nilang pakinabang sa paglahok. **Pagiging Kompidensiyal ng Datos.** Ang lahat ng personal na impormasyon (kabilang ang mga umiiral na Phil-IRI record) ay i-a-anonymize/i-co-code bago isailalim sa pagsusuri, alinsunod sa Data Privacy Act of 2012 (RA 10173). **Boluntaryong Partisipasyon.** Malayang makakatanggi o umatras ang sinumang mag-aaral sa anumang yugto ng pag-aaral nang walang parusa o epekto sa kanilang marka. **Paggamit ng Resulta.** Ang mga resulta ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik at hindi ginamit bilang batayan ng anumang administratibong desisyon tungkol sa indibidwal na mag-aaral.

3. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito ay tinalakay ang naging resulta ng pagsusuri ng mga datos gamit ang Pearson's Correlation upang masipat kung may ugnayan ba sa pagitan ng mga marking nakuha ng mga kalahok sa Phil-IRI at sa PISA-based reading assessment tool. Ginamit ang statistical software na Jamovi upang maisakatuparan ang pagsusuri at

Kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa PISA Reading Literacy Framework
natuklasan ang mga sumusunod:

3.1 *Ano ang antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa Phil-IRI at PISA Reading Literacy Framework*

Talahanayan 1

Antas ng kakayahang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa Phil-IRI at PISA-based Reading Assessment Tool

	Independent	Instructional	Frustration
Phil-IRI	18	42	20
PISA-based Reading Assessment Tool	10	43	27

Mula sa talahanayan 3.1 ay makikita na mayroong labingwalo na mag-aaral ang kinilala bilang mga *Independent Readers* sa Phil-IRI ngunit nabawasan ito ng walo at naging sampu nalamang pagdating sa *PISA-based Reading Assessment Tool*. Apatnapu naman ang *Instructional Readers* batay sa Phil-IRI, at nadagdagan ito ng isa para sa *PISA-based Reading Assessment Tool*. Samantala, ang dalawampung mag-aaral na nasa *Frustration* na antas sa Phil-IRI ay naging dalawampu't pito sa *PISA-based Reading Assessment Tool*. Ang mga marking nakuha ay tumutugma sa mga pahayag nina Misanes at Pascual (2023) ng kanilang matuklasan sa kanilang pag-aaral na bagaman nakadiseno ang Phil-IRI sa mas mababang baitang ay ginagamit padin ito sa sekundarya at marami pa rin sa mga mag-aaral ang nakapagtatala ng mababang marka. Ganito din ang nakitang resulta sa pananaliksik nina Namol at Bacang (2024) sa mga mag-aaral na nasa baitang 7 kung saan karamihan sa mga mag-aaral ay nakapagtala ng marking nasa antas ng *frustration* pagdating sa pag-unawa sa binabasa. Matapos ang pagsusuri makikitang sa 18 mag-aaral na nakategorya bilang *Independent* batay sa Phil-IRI, 8 (44.4%) ang napabilang sa *Instructional* na antas sa *PISA-based Reading Assessment Tool*. Samantala, sa 42 mag-aaral na nakategorya bilang *Instructional* sa Phil-IRI, 7 (16.7%) ang bumaba sa *Frustration level* sa *PISA-based Reading Assessment Tool*. Sa kabuuan, 15 sa 80 mag-aaral (18.75%) ang nakaranas ng pagbaba ng kategorya sa mas komplikadong pagtataya. Ipinahihiwatig nito na bagama't may malakas na ugnayan ang performance sa dalawang pagtataya, ang pagiging *Independent* o *Instructional* sa Phil-IRI ay hindi nangangahulugang magkakaroon ng kaparehong antas ng pagganap sa isang pagtatayang sumusukat sa mas malawak na proseso at konteksto ng pagbasa tulad ng *PISA-based Reading Assessment Tool*. Ang resultang ito ay sumasalamain sa pagsusuri ni Zaim et al. (2021) na nagpapaliwanag na ang *PISA reading literacy assessment* ay higit na mas komplikado kung ihahambing sa mga standardisadong pagtatayang pagbasa na ginagamit batay sa mga sumusunod na aspekto: (1) Kognitibong proseso; (2) Pormat ng teksto; (3) Uri ng Pagtataya; (4) Sitwasyon; (5) Antas ng katanungan; (6) Uri ng tanong; (7) Midyum/Kalikasan ng Tanong.

Ang *PISA-based reading assessment tool* na ginamit ay ibinatay sa PISA reading literacy framework na siya namang nakapokus sa tatlong aspektong hindi tinataglay ng karaniwang istandardisadong pagtataya tulad ng Phil-IRI. Ito ang nagsisilbing dahilan kung bakit may mga mag-aaral na bumaba ang antas ng sumailalim sa nasabing PISA-based na pagtataya dahil ang mga katanungang taglay nito ay labis na nalalayo at mas komplikado kesa sa kanilang nakasanayang mga uri ng pagtataya. Kung titignan mula sa lente ng Construction-Integration Model ni Kintsch (1988), ang malawak na saklaw at iba't ibang anyo ng teksto at proseso ng bagong pagtatayang ginamit ay nakahahadlang sa prinsipyo ng integrasyon – o ang pagsasama-sama ng mga kahulugan upang mas lubos na maunawaan ang teksto. Patunay lamang ito na ang mga nasusukat ng Phil-IRI ay mas limitado kumpara sa ibang mas komprehensibong uri ng pagtataya para sa pagbasa. Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa mungkahi nina Perez at Rodriguez (2021) na kinakailangang gumamit na ng mga katanungang hindi basta lamang sumusubok sa kakayahan sa pag-alala ng mga mag-aaral. Mas mainam na gumamit ng mga katanungang gumagamit ng iba't ibang uri ng teksto upang makabuo ng mas mataas na antas ng pag-iisip ang mga mag-aaral.

3.2 Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng marka sa PHIL-IRI at PISA-based Reading Assessment Tool

Talahanayan 2

Makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa PISA-based na panukat kumpara sa Phil-IRI

Baryabol	Pearson's r	p-value	N	Interpretasyon
Phil-IRI Score at PISA-Based Reading Assessment Tool Score	.788	<.001	80	Strong Positive Correlation

Sa pamamagitan ng Pearson's Correlation, ay sinuri kung mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga marka ng mga mag-aaral sa Phil-IRI at *PISA-Based Reading Assessment Tool*. Batay sa resulta, ipinapakita nito na may malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng mga marka ng dalawang baryabol na nagtala ng Pearson's $r = .788$, at p -value na $<.001$. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral na nakakuha ng mataas na marka sa Phil-IRI ay karaniwang nakakuha rin ng mas mataas na marka sa *PISA-based assessment* at ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang marka sa Phil-IRI ay nakapagtala din ng mababang marka sa *PISA-Based Reading Assessment Tool*. Gayunpaman, ang malakas na ugnayan ay hindi nangangahulugang magkapareho ang dalawang pagtataya o na pareho ang ipinoprosesong dimensiyon ng pagbasa. Ang pagbaba ng antas ng ilang mag-aaral mula *Independent* patungong *Instructional*, at mula *Instructional* patungong *Frustration* na antas ay nagpapakita na bagaman may positibong ugnayan ang dalawa ay hindi maikakaila na ilan sa mga mag-aaral ang mas nakapagtala ng mas mababang marka. Ang dalawang pagtatayang ginamit bilang baryabol sa pananaliksik na ito ay parehong nakapokus sa pag-unawa, subalit magkaiba ng mga dimensyon o aspekto ng pagbasa ang sinusukat. Ang PISA-based na pagtataya ay sinusukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paghahanap ng impormasyon, pag-unawa, at pagsusuri at pagninilay – naiiba sa mga aspektong sinusukat ng Phil-IRI na literal, inperensyal, at kritikal na pag-unawa.

Kung susuriin sa lente ng Simple View of Reading nina Gough at Tunmer (1986), ang mataas na markang nakuha ng mga mag-aaral sa Phil-IRI ay bunga ng kanilang husay sa decoding at linguistic comprehension – isang patunay na ang mga mag-aaral na nasa *Independent* at *Instructional* na antas ay matuturing na *proficient* sa pagbasa. Ngunit sa kabila ng positibong ugnayan sa pagitan ng markang nakuha sa Phil-IRI at *PISA-based reading assessment tool*, ang pagbaba ng antas ng ilan sa mga mag-aaral ay sinasalamin ang katotohanan na hindi naging sapat ang kakayahan nila bilang mga *proficient readers* kung ang babasahin ay mas komprehensibo at komplikado. Ang mga pagtatayang nakaangkla sa framework ng PISA ay dinisenyo upang subukin ang mga mag-aaral na unawain ang binasa at gamitin ito sa mga makatotohanang sitwasyon hindi katulad ng kalimitang nakapokus sa *rote memorization* na uri ng mga pagtataya (OECD, 2019). Kung ang framework ng PISA ay ilalapat sa mga pagtatayang pagbasa o mga panukat, malaki ang maitutulong nito sa pagpapa-unlad ng literasiya ng mga mag-aaral hindi lamang sa pagkilala ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap, kundi maging sa mga mas komplikadong proseso tulad ng pagninilay-nilay, at paglalapat ng mga konsepto sa totoong buhay. Sa katunayan, ang paggamit ng framework ng PISA sa mga reading assessment tools dahil sa pagiging epektibo nito sa paglinang ng literasiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ay isinasagawa na katulad ng Web-Based Model gamit ang PISA framework nina Thongkhotr at Chaijaroen (2025). Maging ang kakayahan ng mga gurong gumawa ng mga pagtataya na nakabase sa PISA framework ay pinag-aaralan na rin tulad ng kanila Fadhillah at Emillia (2022) at Sujatna et al. (2023). Ang mga umiiral na pag-aaral na ito ay nagpapatunay na mainam na panukat o interbensyon ang mga pagtatayang nakabtay sa PISA reading literacy framework, katulad ng assessment tool na ginamit sa pananaliksik na ito.

3.3 Implikasyon at mungkahi batay sa naging resulta

Batay sa resulta ng pag-aaral, may ilang mahalagang implikasyon sa kasalukuyang pagtataya ng kakayahang pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Una, bagaman nakitaan ng malakas at makabuluhang positibong ugnayan ang mga marka ng mga mag-aaral sa Phil-IRI at sa PISA-based Reading Assessment Tool, ipinakikita rin

ng pagbabago sa antas ng ilang mag-aaral na hindi ganap na magkatumbas ang dalawang panukat. Sa 80 mag-aaral na kalahok, 15 o 18.75% ang bumaba sa kanilang dating kategorya nang sila ay sumailalim sa mas komplikadong PISA-based na pagtataya. Nangangahulugan ito na ang pagiging Independent o Instructional reader batay sa Phil-IRI ay hindi awtomatikong nangangahulugan na ang isang mag-aaral ay may parehong antas ng kahandaan sa mga gawaing pagbasa na nangangailangan ng paghahanap at pag-uugnay ng impormasyon, pag-unawa sa iba't ibang anyo ng teksto, at pagsusuri at pagninilay batay sa mas makatotohanang konteksto.

Gayunpaman, hindi ipinahihiwatig ng resulta na hindi na epektibo o dapat nang palitan ang Phil-IRI. Sa halip, ipinakikita nito na may magkaibang dimensiyon ng pagbasa na nasusukat ang dalawang instrumento. Ang Phil-IRI ay mahalaga sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagbasa batay sa layunin at disenyo nito, samantalang ang PISA Reading Literacy Framework ay nagbibigay ng mas malawak na pagtingin sa kakayahan ng mag-aaral na gamitin ang kaniyang pag-unawa sa binasa sa mas komplikado at makatotohanang sitwasyon. Dahil dito, ang pangunahing implikasyon ng pag-aaral ay hindi ang ganap na pagpapalit sa Phil-IRI, kundi ang pangangailangang pag-isipan ang paggamit ng karagdagan at komplementaryong pagtataya para sa mga mag-aaral sa sekundarya, partikular sa Baitang 10.

Sa antas ng paaralan at guro, maaaring isaalang-alang ang pagsasama ng mga gawaing pagtataya na nakabatay sa mga proseso ng pagbasa sa PISA Reading Literacy Framework. Maaaring kabilang dito ang mga tanong at gawaing nangangailangan ng paghahanap ng impormasyon mula sa teksto, pag-unawa at pag-uugnay ng iba't ibang ideya, at pagsusuri at pagninilay sa nilalaman ng binasa. Mahalaga ring gumamit ng iba't ibang uri at pormat ng teksto upang higit na masuri kung paano nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa mga sitwasyong hindi lamang nakatuon sa literal na pagkuha ng impormasyon.

Ipinakikita rin ng resulta na may pangangailangang bigyang-pansin ang paglinang sa mga kasanayang maaaring hindi ganap na natataya ng karaniwang pagsusukat ng reading comprehension. Ang pagkakaroon ng mataas na antas sa isang pagtataya ay maaaring magpahiwatig na may sapat na kakayahan ang mag-aaral sa ilang aspekto ng pagbasa, ngunit ang pagbaba ng ilang mag-aaral sa PISA-based assessment ay nagpapakita na maaaring magkaroon pa rin sila ng kahinaan kapag ang gawain ay nangangailangan ng mas malalim na pagproseso at paglalapat ng impormasyon. Sa ganitong pananaw, maaaring gamitin ang PISA Reading Literacy Framework hindi lamang bilang batayan sa pagbuo ng karagdagang assessment tasks kundi bilang gabay sa pagdidisenyo ng mga gawaing pampagbasa na unti-unting humuhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Para sa mga tagapangasiwa at gumagawa ng mga programang pampagbasa, iminumungkahi ng pag-aaral na suriin ang kaangkupan ng iisang panukat sa pagtukoy sa kabuuang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng sekundarya. Dahil ang Phil-IRI ay maaaring gamitin kasabay ng iba pang maaasahang kasangkapan sa pagtataya, maaaring magsilbing batayan ang resulta ng pag-aaral na ito sa pagbuo o pagsubok ng isang karagdagang pagtatayang mas angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Ang naturang pagtataya ay hindi kinakailangang maging kapalit ng umiiral na instrumento, kundi maaaring magsilbing karagdagang batayan upang matukoy ang mga kasanayang nangangailangan ng higit na interbensiyon.

Maaari ring isaalang-alang ang paghahanda at pagsasanay ng mga guro sa pagbuo at paggamit ng mga pagtatayang nakatuon sa mas malawak na proseso ng reading literacy. Hindi sapat na magkaroon lamang ng PISA-like na mga tanong kung hindi rin malinaw sa mga guro ang mga kasanayang sinusukat ng mga ito at kung paano gagamitin ang resulta upang makapagplano ng angkop na pagtuturo at interbensiyon. Kaugnay nito, ang mga gawaing pagbasa ay maaaring ilapat sa mga aktuwal na aralin at hindi lamang gamitin sa pagsusulit upang ang pagtataya ay maging bahagi rin ng proseso ng pagpapaunlad ng kakayahang bumasa at umunawa.

Para naman sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagpapalawak ng saklaw ng pag-aaral sa mas maraming paaralan, mag-aaral, at iba't ibang kontekstong pang-edukasyon upang masuri kung mananatili ang natuklasang pagkakaiba sa pagitan ng Phil-IRI at PISA-based na pagtataya. Maaari ring magsagawa ng pag-aaral na susuri sa partikular na dahilan kung bakit may mga mag-aaral na nananatili o bumababa ang antas kapag

lumilipat mula sa Phil-IRI patungo sa mas komplikadong pagtataya. Makabubuti ring siyasatin kung aling partikular na proseso ng PISA Reading Literacy Framework—paghahanap ng impormasyon, pag-unawa, o pagsusuri at pagninilay—ang higit na nagiging hamon sa mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang Phil-IRI at PISA-based Reading Assessment Tool ay may malakas na ugnayan, subalit hindi sila ganap na mapagpapalit dahil sa pagkakaiba ng saklaw at dimensiyon ng pagbasa na kanilang sinusukat. Samakatuwid, ang resulta ay nagbibigay ng batayan upang isaalang-alang ang paggamit ng mas komprehensibo at komplementaryong paraan ng pagtataya para sa mga mag-aaral sa Baitang 10. Sa halip na umasa lamang sa isang klasipikasyon ng kakayahan sa pagbasa, maaaring maging higit na kapaki-pakinabang ang paggamit ng mga pagtatayang nagbibigay-daan upang matukoy hindi lamang kung gaano kahusay umunawa ang mag-aaral sa isang teksto, kundi kung paano niya nahahanap, inuunawa, sinusuri, pinagninilayan, at nagagamit ang impormasyon sa mas malawak na konteksto.

4. Kongklusyon

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, maaaring ipagpalagay na ang Phil-IRI at PISA-based Reading Assessment Tool ay kapwa nakatutulong sa pagtukoy ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral, ngunit hindi ganap na magkapareho ang saklaw ng mga kasanayang kanilang nasusukat. Bagama't nagpakita ang dalawang pagtataya ng malakas na positibong ugnayan ($r = .788, p < .001$), ipinakita ng pagkakaiba sa pagkakategorya ng ilang mag-aaral na may mga kasanayan sa pagbasa na higit na nahahamon kapag ang mga gawain ay nangangailangan ng mas malawak na pagproseso ng impormasyon, paggamit ng iba't ibang anyo ng teksto, at pagsusuri at pagninilay sa binasa.

Ipinakikita rin ng resulta na ang pagkakaroon ng *Independent o Instructional* na antas batay sa Phil-IRI ay hindi nangangahulugang pareho rin ang antas ng pagganap ng mag-aaral sa isang pagtatayang nakatuon sa mas malawak na konsepto ng reading literacy. Sa ganitong pananaw, ang mga pagkakaibang nakita sa dalawang pagtataya ay hindi dapat unawain bilang patunay na hindi angkop ang Phil-IRI, kundi bilang indikasyon na hindi sapat ang iisang panukat upang mailarawan ang kabuuang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Sa halip, mas makabuluhang gamitin ang Phil-IRI at iba pang angkop na pagtataya nang komplementaryo upang matukoy kapwa ang kasalukuyang antas ng pag-unawa at ang mga kasanayang nangangailangan pa ng paglinang.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na mahalagang palawakin ang pagtataya sa pagbasa mula sa pagtukoy lamang kung nauunawaan ng mag-aaral ang isang teksto tungo sa pagsusuri kung paano niya hinahanap, inuunawa, sinusuri, pinag-uugnay, at pinagninilayan ang impormasyon sa iba't ibang konteksto ng pagbasa. Dahil dito, maaaring magsilbing mahalagang batayan ang PISA Reading Literacy Framework sa pagbuo ng mga karagdagang pagtataya at gawaing pampagbasa na mas angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Sa huli, ang mas komprehensibong paggamit ng mga panukat ay maaaring makatulong sa mga guro at paaralan na makabuo ng mas angkop na mga interbensiyon at estratehiya upang higit na mapaunlad ang reading literacy ng mga mag-aaral.

5. Sanggunian

- Department of Education. (2018). *Policy guidelines on the administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory* (DepEd Order No. 14, s. 2018). <https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018-policy-guidelines-on-the-administration-of-the-revised-philippine-informal-reading-inventory/>
- Department of Education. (2018). *The Philippine Informal Reading Inventory manual 2018*. DepEd Learning Portal. <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/13908>
- Descartin, D. M., Kilag, O. K., Groenewald, E., Abella, J., Cordova, N., Jr., & Jumalon, M. L. (2023). Curricular insights: Exploring the impact of Philippine K to 12 on PISA 2022 reading literacy achievement. *Excellencia: International Multi-Disciplinary Journal of Education*, 1(6), 334–342.
- Fadhillah, A. M., & Emilia, E. (2022). Exploring Teachers' Ability in Developing PISA-like Reading

- Tasks. *English Review: Journal of English Education*, 10(3), 1057-1068.
- Funa, A., Balisoro, J. A., & Gabay, R. A. (2026). Reading literacy assessment in Philippine basic education: A cross-sectional, school-based Phil-IRI study. *Journal of Basic Education Research*, 7(3). <https://doi.org/10.37251/jber.v6i3.2102>
- Gough, P. B., & Tunmer, W. E. (1986). Decoding, reading, and reading disability. *Remedial and Special Education*, 7(1), 6–10. <https://doi.org/10.1177/074193258600700104>
- Johnson, M. S., Kress, R. A., & Pikulski, J. J. (1987). *Informal reading inventories* (2nd ed.). International Reading Association.
- Kintsch, W. (1988). The role of knowledge in discourse comprehension: A construction-integration model. *Psychological Review*, 95(2), 163–182. <https://doi.org/10.1037/0033-295X.95.2.163>
- Landis, J. R., & Koch, G. G. (1977). The measurement of observer agreement for categorical data. *Biometrics*, 33(1), 159–174.
- OECD. (2019). PISA 2018 Assessment and analytical framework. Paris: OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/b25efab8-en>
- OECD. (2023). *PISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/53f23881-en>
- Omaque, A. M., & Tudlasan, R. T., Jr. (2025). Appraising the Phil-IRI implementation for Grade 10 reading comprehension: Context-based intervention activities. *American Journal of Language, Literacy and Learning in STEM Education*, 3(11), 399–431. <https://grnjournal.us/index.php/STEM/article/view/8701>
- Penn State World Campus. (n.d.). 3.4.2 - Correlation. Penn State Department of Statistics Online Courses. <https://online.stat.psu.edu/stat200/book/export/html/67>
- Perez, M. L., & Rodriguez, R. J. (2023). Development of PISA-like reading comprehension test. *International Journal of Knowledge Management and Practices*, 11(2). <https://ssrn.com/abstract=4686303>
- Sujatna, E. T., Emilia, E., & Kurniasih, N. (2023). Readability of PISA-like reading texts: A lesson learned from Indonesian teachers. *World Journal of English Language*, 13(1).
- Thongkhotr, P., & Chaijaroen, S. (2026). Web-Based Constructivist Learning Environment Model to Foster Critical Reading and Reading Literacy within the PISA Framework: Comprehensive Development and Validation. *Journal of Education and Learning*, 15(1), 428-445.
- Zaim, M., Refnaldi, Zainil, Y., & Ramadhani, F. (2021). PISA reading literacy assessment and senior high school reading literacy assessments: How do they differ? *International Journal of Research in Counseling and Education*, 5(1), 72–78. <https://doi.org/10.24036/00466za0002>

